THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Kid's Art Workshop Isinagawa sa Calapan!

VOLUME I No. 50 Oct 24, 2022 - Oct. 30, 2022

# BATANG PINOY SEND-OFF CEREMONY!



"AIM HIGH, GO FOR GOLD, kunin ninyo ang gintong medalya sa sasalihan ninyong kompetisyon at inyo itong ialay sa inyong mga magulang at sa ating lungsod" -City Mayor Malou Flores-Morillo
Pinangunahan ni Mayor Malou ang Send-off Ceremony para sa mga 78 atletang Calapeño na lalahok sa 'Batang Pinoy 2022' na gaganapin sa Vigan City sa darating na Disyembre 4-9, 2022.

Bilang suporta ng City Government of Calapan sa mga batang atletang pambato sa naturang sports events ay personal na ipinagkaloob ni Mayor Morillo sa pangangasiwa ng City Youth and Sports Development Department ang mga uniporme at allowances/honorarium sa mga athletes at kanilang mga trainers at coaches, ginanap sa Calapan City Plaza Pavilion, Oktubre 19,2022.

Ang mga batang lalahok sa kompetisyon na ito ay makikipagtagisan ng lakas at husay sa virtual at face to face sports events.

Kabilang sa virtual events na lalahukan ay ang taekwondo, wushu, dance sports at Arnis samantalang para sa face to face events ay ang table tennis, badminton, chess, athletics, cycling, swimming at archery.

Ang BATANG PINOY (Philippine Youth Games) ay isang National Sports Competition para sa mga batang Pilipino na may edad 15 pababa. Naglalayon itong matugunan ang 'Grassroots Sports Program' na nakatuon sa values formation sa larangan ng palaro o sports.

Ang BATANG PINOY ay programa sa ilalim ng National Sports Commission sa pakikipagtuwang sa Department of Education (DepEd), Department of Interior and Local Government (DILG), at ng League of Provinces, Cities, Municipalities and Barangays.

Nangako si Mayor Malou na dadalawin niya ang mga batang atletang Calapeño sa kanilang laban sa Vigan upang ipakita ang kanyang moral support sa mga ito.

Kanya ring pinasalamatan ang mga magulang sa kanilang patuloy na pagsuporta sa kanilang mga anak upang maging mahusay na manlalaro.

THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM

# PASSPORT ON WHEELS, HATID NG CITY GOVERNMENT PARA SA CALAPEÑO




1,200 NEW PASSPORT/RENEWAL ANG NATULUNGANG MAIPROSESO sa 'Passport on Wheels' bilang kabutihang loob ni City Mayor Malou Flores-Morillo para sa mga Calapeño sa pakikipagtulungan ng Department of Foreign Affairs (Manila and Batangas).

Pinangasiwaan ito ng City Public Employment Service Office katulong ang iba pa opisina ng Pamahalaang Lungsod gaya ng Serbisyong TAMA Center at MIS.

Sa mandato ni Mayor Morillo ay sinikap na maabot ang lahat ng barangay sa buong lungsod upang mabigyan ng pantay na oportunidad ang Taumbayan sa programa. Bago pa man ang mismong araw ng pagproseso ng mga pasaporte, Setyembre 29 hanggang Oktubre 13 ay pinangasiwaan ng mga konsernadong opisina ang pag-asiste sa mga aplikante na isinagawa sa New at Old City Hall. Dito ay inalam ang ibat-ibang pangangailangan at kakulangan sa rekisitos gaya ng valid ID at PSA Birth Certificate.

Sa mga bagay na ito ay sinikap ng mga nakatalagang kawani na matugunan ang pangangailangan ng mga aplikante sa pakikipag-ugnayan nito sa mga ahensyang dapat lapitan tulad ng Philippine Statistics Office.

Tinulungan din ang mga may problema sa kanilang lumang pasaporte gaya ng loss passport at nasirang pasaporte.

Dahil ginawang One-Stop Shop ay may nagaasikaso ng pagbabayad para sa passport, processing fee at courier payment na higit na nagpaalwan sa mga aplikante.

Samantala, binigyang prayoridad ang mga Calapeñong posibleng mapasama sa Job Opportunities Abroad sa South Korea na programa rin Mayor Marillo.

Sa loob ng dalawang magkasunod na araw (Oktubre 17-18) sa City Mall, Barangay Ilaya, Calapan City ay pinangunahan ng DFA ang passport processing ng Isanglibo't Dalawang Daan na Calapeño.

Ang mga personnel mula sa Calapan Public Safety Department at Calapan City Police Station ay nakaantabay sa loob at labas ng pinagdarausan para sa seguridad at mabilis na pagtugon sa posibilidad ng aksidente o insidente.











For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# 100 Bata mula sa Hiyas ng Tahanan Child Development Center, benipisyaryo ng Art Workshop and Reading Enhancement




SA PAGTUTUWANG NG CITY GOVERNMENT OF CALAPAN at ng Calapan City Eagles Club ay matagumpay na naisakatuparan ang paglulunsad ng Art Workshop and Reading Enhancement sa pangangasiwa ng Calapan City Library.

May 100 mga Bata mula sa 11 Barangay sa lungsod na kinakalinga ng 'Hiyas ng Tahanan Child Development Center" na siyang Social Development Arm ng United Evangelical Church ang naging benipisyaryo ng nasabing proyekto.

Upang mas higit na maiparamdam ang kanyang pagmamahal at malasakit sa mga bata ay personal na dumalo si Mayor "Tita Pet-Malou" sa paglulunsad ng programa na kung saan ay buong sigla siyang sinalubong ng mga bata, magulang at ng pamunuan ng UEC.

Ayon kay Pastor Tallada, Coordinating Pastor ng UEC, makasaysayan ang okasyon na ito sapagkat iyon ang kauna-unahang pagkakataon na tumuntong si Mayor Malou sa simbahang kinakaaniban ng pamilya ng kanyang asawa. Kanya ring pinasalamatan ang mga kabalikat sa nasabing gawain.

Nagagalak naman si Mayor Malou na makaharap ang mga batang benipisyaryo ng proyekto na kanyang binigyang pangaral na mag-aaral ng maayos at lumaking mabubuting bata.
Kanya ring kinilala ang partisipasyon ng City Library at ng Calapan City Eagles Club gayundin ang pamunuan ng United Evangelical Church.

Bilang kinatawan ng mga bata at kanilang mga magulang ay ipinahayag ni Ms. Sherine Zamora, Project Supervisor ang walang hanggang pasasalamat sa lahat ng kabahagi sa pagsasakatuparan ng proyekto.

Mababakas sa ang ngiti at pananabik sa mukha ng mga bata na tuturuang maging mahusay sa pagbasa at sining sa loob ng dalawang magkasunod na araw ng Sabado.








THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 50 Oct. 24, 2022 - Oct. 30, 2022

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *National Shelter Month, pinagdiwang ng DHSUD*




PINAGDIRIWANG NATIN NGAYONG BUWAN ng Oktubre sa pangunguna ng Department of Human Settlements and Urban Development ang National Shelter Month na may temang Abot-kayang Pabahay tungo sa Panatag na Buhay.

Bilang parte ng pagdiriwang, isinagawa ng DHSUD MIMAROPA ang NSM Caravan sa Calapan City Plaza Pavilion nitong ika-18 ng Oktubre na dinaluhan ng mga miyembro ng Homeowners Association ng Oriental Mindoro.

Layunin ng DHSUD na magbigay ng report at update sa mga HOA tungkol sa mga serbisyo at programa ng kanilang mga operating units: Housing and Real Estate Development Regulation Division, Homeowners Association and Community Development Division, Public Housing and Settlements Division, at Environmental, Land Use and Urban Planning Development Division.






